

PAG-UNAWA SA PATAKARAN SA PAG-UUGALI AT DISIPLINA SA MGA EVENT (IN-EVENT CONDUCT AND DISCIPLINE POLICY)

Ito ay salin ng bersyong Ingles ng dokumentong ito. Kung may anumang pagkakaiba sa kahulugan, ang bersyong Ingles ang masusunod.

Para saan ang patakarang ito?

Nais ng Volleyball BC na maging malusog, ligtas, maayos at positibo ang bawat event, at maprotektahan ang integridad ng isport at ng mga aktibidad para sa kabataan. Ipinapaliwanag ng patakarang ito kung paano hinaharap ng Volleyball BC ang hindi angkop na pag-uugali sa panahon ng mga event nito. Nakatutulong din ito upang matiyak na sinusunod ng lahat ang mga tuntunin ng mga pasilidad na ginagamit namin, para patuloy naming magamit ang mga lugar na iyon sa hinaharap.

Sino-sino ang saklaw ng patakarang ito?

Saklaw ng patakarang ito ang lahat ng miyembro at nagparehistro sa Volleyball BC. Sila ay tinatawag na “Mga Kalahok” (“Participants”) sa Pangkalahatang Kodigo ng Pag-uugali para Maiwasan at Matugunan ang Masamang Pagtrato sa Isport (Universal Code of Conduct to Prevent and Address Maltreatment in Sport), o UCCMS. Saklaw din nito ang sinumang empleyado ng Volleyball BC, o sinumang nakikilahok sa mga aktibidad kasama ang Volleyball BC. Kabilang dito ang:

- Mga atleta
- Mga coach
- Mga boluntaryo
- Mga referee at opisyal
- Mga manager at administrador
- Mga miyembro ng komite
- Mga Direktor at Opisyal ng Volleyball BC
- Mga magulang at tagapag-alaga
- Mga manonood sa mga event

Kailan ipinatutupad ang patakarang ito?

Ipinatutupad ang patakarang ito sa lahat ng event na inaprubahan ng Volleyball BC. Saklaw nito ang pag-uugali habang ginaganap ang match at ang pag-uugali sa labas ng court.

Ano ang ibig sabihin ng mga pangunahing salita sa patakarang ito?

- **Event:** isang event na inaprubahan ng Volleyball BC.
- **Pasilidad:** isang gusali, paaralan o lugar pampalakasan na inuupahan o pinapatakbo ng Volleyball BC para pagdausan ng isang event.
- **Mga itinalagang lugar na magagamit:** ang mga bahagi ng pasilidad na maaaring gamitin ng mga kalahok at manonood, ayon sa nakasaad sa permit o kasunduan ng Volleyball BC sa operator ng pasilidad. Kabilang dito ang mga gym, lobby, banyo, mga pasukan at labasan, at iba pang pinagsasaluhang lugar na pinili ng operator ng pasilidad.
- **Menor de edad:** sinumang wala pang 19 na taong gulang.

Paano kung ibang organisasyon ang nagpapatakbo ng event?

Kung ang event ay pinangangasiwaan ng Volleyball Canada (halimbawa, isang Pambansang Kampeonato [National Championship]) o ng ibang organisasyon, ang mga patakaran sa disiplina sa event ng organisasyong iyon ang ipinatutupad sa halip na ang patakarang ito.

Ang sinumang may kaugnayan sa Volleyball BC (gaya ng mga atleta, coach, miyembro, direktor at opisyal ng Volleyball BC) ay dapat pa ring iulat sa Volleyball BC. Pagkatapos nito, maaaring gumawa ng aksyon ang Volleyball BC sa ilalim ng Patakaran sa Disiplina at mga Reklamo (Discipline and Complaints Policy) nito.

Paano nauugnay ang patakarang ito sa Patakaran sa Disiplina at mga Reklamo?

- Hindi pinapalitan ng patakarang ito ang Patakaran sa Disiplina at mga Reklamo ng Volleyball BC.
- Pinapayagan ng patakarang ito ang Volleyball BC na gumawa ng agaran, impormal o pantuwid na aksyon sa isang event. Ang anumang karagdagang disiplina ay hinaharap sa ilalim ng Patakaran sa Disiplina at mga Reklamo.
- Maaari ring piliin ng Volleyball BC na harapin ang anumang insidente sa isang event sa ilalim ng Patakaran sa Disiplina at mga Reklamo.
- Ang mga desisyong ginawa sa ilalim ng patakarang ito ay hindi maaaring iapela.

Sino ang namamahala sa isang event?

Nagtatalaga ang Volleyball BC ng isang taong responsable sa bawat event – halimbawa, ang coordinator sa lugar ng event, ang Direktor ng Tournament (Tournament Director) o ang Superbisor ng mga Referee (Referee Supervisor). Sa gabay na ito, tinatawag namin siyang “ang taong namamahala”. May awtoridad siyang gamitin at ipatupad ang patakarang ito.

Ang lahat ng hindi angkop na pag-uugali ay dapat iulat sa taong namamahala sa event.

Ano ang itinuturing na hindi angkop na pag-uugali?

Kabilang sa hindi angkop na pag-uugali sa isang event ang mga sumusunod, ngunit hindi lamang limitado sa mga ito:

- Anumang komento o kilos na bastos, malaswa (halimbawa, pagmumura), walang paggalang o agresibo
- Anumang lumalabag sa Kodigo ng Pag-uugali at Etika (Code of Conduct and Ethics) ng Volleyball BC
- Anumang humahadlang o gumugulo sa ligtas at maayos na pagpapatakbo ng isang event ng Volleyball BC

Ang hindi angkop na pag-uugali ay maaaring mangyari sa pagitan ng sinumang may kaugnayan sa event, habang ginaganap ang match o sa labas ng court.

Ano ang mangyayari kapag may nagpakita ng hindi angkop na pag-uugali?

- Haharapin ng taong namamahala ang pag-uugali gamit ang proseso sa patakarang ito.
- Kung naaangkop, gagamitin ng taong namamahala ang mga parusa na nakasaad sa Gabay na Aklat ng Club Volleyball (Club Volleyball Handbook) ng Volleyball BC.
- Maaaring magdagdag ang Volleyball BC ng iba pang parusa o hakbang bukod sa mga nasa Gabay na Aklat ng Club Volleyball.
- Sa halip, maaaring piliin ng Volleyball BC na harapin ang pag-uugali sa ilalim ng Patakaran sa Disiplina at mga Reklamo nito.

Ano ang mangyayari kung nangyari ito habang ginaganap ang match?

Mga coach at manlalaro

Ang hindi angkop na pag-uugali ng mga coach at manlalaro habang ginaganap ang match ay hinaharap sa ilalim ng Aklat ng mga Tuntunin ng Volleyball Canada (Volleyball Canada’s Rulebook). Maaari pa ring gumawa ang Volleyball BC ng karagdagang aksyong pandisiplina pagkatapos ng event.

Mga manonood, boluntaryo at miyembro ng pamilya

Kung ang isang manonood, boluntaryo o miyembro ng pamilya ay nagpakita ng hindi angkop na pag-uugali sa mga referee, staff, team, ibang magulang o manonood habang may laro, maaaring kumilos agad ang taong

namamahala. Depende sa kung gaano kabigat ang pag-uugali, maaaring gawin ng taong namamahala ang sumusunod:

- Magbigay ng pasalitang babala
- Paalisin (i-eject) ang tao sa pasilidad para sa natitirang bahagi ng araw
- Paalisin (i-eject) ang tao sa pasilidad para sa natitirang bahagi ng event

Paano kung hindi umalis ang taong pinaalis (na-eject)?

Kung ang isang tao ay sinabihang umalis sa pasilidad at hindi siya umalis, maaari itong makaapekto sa team na kaugnay niya:

- **Kung nagsimula na ang match:**
 - Ititigil ang match.
 - Kung hindi pa nakaaalis ang tao sa loob ng 5 minuto mula nang siya ay pinaalis, awtomatikong matatalo (by default) ang kanyang team sa set.
 - Kung hindi pa nakaaalis ang tao sa pasilidad sa loob ng 10 minuto mula nang siya ay pinaalis, awtomatikong matatalo ang kanyang team sa match.
- **Kung hindi pa nagsisimula ang match:**
 - Hindi magsisimula ang match hangga't hindi pa nakaaalis ang tao sa pasilidad.
 - Kung hindi pa nakaaalis ang tao sa pasilidad 5 minuto pagkalipas ng nakatakdang oras ng pagsisimula, matatalo ang kanyang team sa unang set.
 - Kung nasa pasilidad pa rin ang tao 10 minuto pagkalipas ng nakatakdang oras ng pagsisimula, matatalo ang kanyang team sa match.
- Kung kinakailangan, tatawagan ang security o ang mga lokal na awtoridad (gaya ng pulisya).

Ano ang mangyayari kung nangyari ito sa labas ng match?

Kung ang sinuman – miyembro ng team (coach, atleta, manager o miyembro ng club), manonood, magulang o sinumang iba pa – ay nagpakita ng hindi angkop na pag-uugali sa labas ng match sa mga referee, staff, team o manonood, maaaring kumilos ang taong namamahala. Depende sa kung gaano kabigat ang pag-uugali, maaaring gawin ng taong namamahala ang sumusunod:

- Magbigay ng pasalitang babala
- Paalisin (i-eject) ang tao sa pasilidad para sa natitirang bahagi ng araw
- Paalisin (i-eject) ang tao sa pasilidad para sa natitirang bahagi ng tournament

Kung menor de edad ang tao (wala pang 19 na taong gulang)

Hindi paaalisin sa pasilidad ang isang menor de edad. Sa halip:

- Ilalagay siya sa ilalim ng direktang pangangasiwa ng isang magulang, coaching staff, administrasyon ng club o iba pang adultong kinatawan.
- Hindi siya maaaring maglaro sa match at hindi siya maaaring ilista sa roster ng team (hindi siya maaaring umupo sa bench).
- Maaari siyang manatili sa pasilidad hangga't may adultong nangangasiwa sa kanya.

Kung hindi umalis ang isang adulto

Kung ang isang adulto ay sinabihang umalis sa pasilidad at hindi siya umalis, maaari itong makaapekto sa team na kaugnay niya:

- Hindi magsisimula ang match hangga't hindi pa nakaaalis ang tao sa pasilidad.

- Kung hindi pa nakaaalis ang tao sa pasilidad 5 minuto pagkalipas ng nakatakdang oras ng pagsisimula, matatalo ang kanyang team sa unang set.
- Kung nasa pasilidad pa rin ang tao 10 minuto pagkalipas ng nakatakdang oras ng pagsisimula, matatalo ang kanyang team sa match.
- Kung kinakailangan, tatawagan ang security o ang mga lokal na awtoridad (gaya ng pulisya).

Paano iniuulat ang mga insidente?

Kung may ginawang aksyong pandisiplina sa isang event sa ilalim ng patakarang ito, dapat itong iulat agad sa Volleyball BC ng kinatawan ng Volleyball BC na nasa lugar. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagsagot sa Pormularyo ng Insidente (Incident Form) at pagpapadala nito sa reporting@volleyballbc.org.

Pagkatapos, ang miyembro ng staff ng Volleyball BC na responsable sa disiplina at mga reklamo ng mga club ang susuri sa ulat. Ang susunod na mangyayari ay depende sa kung gaano kabigat ang insidente:

Uri ng insidente	Ano ang ibig sabihin nito	Ano ang susunod na mangyayari
Magaan na insidente	Isang solong insidente na minsan lamang nangyari, at naayos na para sa natitirang bahagi ng event dahil sa mga hakbang na agad na ginawa.	Hindi na kailangan ng karagdagang aksyon. Itinatago sa file ang ulat ng insidente. Maaaring ituring ito ng Volleyball BC na katamtaman o mabigat na insidente kung ang tao ay nagpakita ng hindi angkop na pag-uugali nang higit sa isang beses sa event.
Katamtamang insidente	Isang mas komplikadong sitwasyon na nangangailangan ng tuloy-tuloy o dagdag na aksyon para sa natitirang bahagi ng event.	Gagawa ang Volleyball BC ng dagdag na aksyon gamit ang mga hakbang sa imbestigasyon na nakasaad sa ibaba. Maaaring mag-imbestiga ang taong sumusuri sa ulat at magpatupad ng mga tuloy-tuloy na hakbang.
Mabigat na insidente	Isang seryosong paglabag sa Kodigo ng Pag-uugali at Etika na nangangailangan ng aksyon pagkatapos ng event.	Ipapasa ng Volleyball BC ang ulat ng insidente para sa mga susunod na hakbang sa ilalim ng Patakarang sa Disiplina at mga Reklamo.

Ano ang mangyayari kung kailangang imbestigahan ang isang insidente?

Susundin ng taong namamahala ang mga hakbang na ito:

Hakbang 1: Ipaalam sa mga taong sangkot na nagkaroon ng insidente na lumabag, o maaaring lumabag, sa Kodigo ng Pag-uugali at Etika ng Volleyball BC.

Hakbang 2: Bumuo ng hurado na binubuo ng alinman sa isang tao o tatlong tao, para magpasya kung nalabag ang Kodigo ng Pag-uugali at Etika. Isang miyembro ng hurado ang itatalaga bilang Tagapangulo. Ang mga miyembro ng hurado ay hindi dapat magkaroon ng salungatan ng interes (conflict of interest). Maaaring maging bahagi ng hurado ang kinatawan ng Volleyball BC na nasa lugar.

Hakbang 3: Kinakapanayam ng hurado ang sinumang saksi at kinukuha ang kanilang mga pahayag.

Hakbang 4: Kung nangyari ang insidente habang ginaganap ang match, kinakausap din ng hurado ang mga opisyal na nagpatakbo ng match, at ang mga coach at kapitan ng bawat team kung kinakailangan at naaangkop. Ang sinumang menor de edad ay maaaring may kasamang adultong kinatawan.

Hakbang 5: Kinakapanayam ng hurado ang tao o mga taong inaakusahan at kinukuha ang kanilang mga pahayag.

Hakbang 6: Gumagawa ng desisyon ang hurado at nagpapasya ito sa anumang parusa.

Hakbang 7: Ipinapaalam ng Tagapangulo sa lahat ng sangkot ang naging desisyon ng hurado.

Anong mga parusa ang maaaring ibigay ng hurado?

Maaaring magbigay ang hurado ng isa o higit pa sa mga parusang ito:

- Pasalita o nakasulat na babala
- Pasalita o nakasulat na pagsaway (isang pormal na pahayag na hindi katanggap-tanggap ang pag-uugali)
- Suspensyon mula sa mga susunod na match, o mula sa pagdalo sa event
- Pagpapaalis (pag-eject) mula sa event
- Anumang ibang parusa na ipinasya ng hurado na naaangkop

Ang parusang ibinigay ng hurado ay hindi maaaring tumagal nang lampas sa event. Kung kailangan ng karagdagang disiplina, maaari itong ibigay sa ilalim ng Patakaran sa Disiplina at mga Reklamo ng Volleyball BC.

Maaari bang iulat ng ibang tao ang parehong insidente?

Oo. Hindi pinipigilan ng patakarang ito ang sinumang iba pa na iulat sa Volleyball BC ang parehong insidente ng malubhang maling pag-uugali bilang isang pormal na reklamo sa ilalim ng Patakaran sa Disiplina at mga Reklamo.

Paano sinusubaybayan at sinusuri ang mga insidente?

- Itinatala at sinusubaybayan ng Volleyball BC ang lahat ng insidenteng iniulat sa opisina nito.

Sino ang maaari kong kontakin tungkol sa patakarang ito?

Ang CEO ng Volleyball BC ang responsable sa patakarang ito:

Email: ceo@volleyballbc.org

Paalala: Ang dokumentong ito ay ginawa upang ipaliwanag ang Patakaran sa Pag-uugali at Disiplina sa mga Event ng Volleyball BC. Maaaring may mga detalye sa Patakaran na hindi nakapaloob sa dokumentong ito. Kung may anumang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang dokumento, ang nilalaman ng Patakaran sa Pag-uugali at Disiplina sa mga Event ang mangingibabaw.